**Kasalukuyang Isinasagawa ang Update ng Programa sa Titulo VI ng Sound Transit sa 2019-2022**

Ang Titulo VI ay bahagi ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964 at isinasaad na walang taong dapat makaranas ng diskriminasyon dahil sa batayan ng lahi, kulay, o bansang pinagmulan.

Gusto mo bang makatanggap ng mga update tungkol sa Programa sa Titulo VI sa 2019-2022? Mangyaring idirekta ang mga kahilingan sa:

Sound Transit
401 S Jackson Street
Seattle, WA 98104

Para sa pakikipag-ugnayan ukol sa Titulo VI: diversity@soundtransit.org o Mitzi McMahan, 206-903-7158.

**Pagbibigay ng abiso sa Publiko ng Mga Karapatan sa ilalim ng Titulo VI**
Dinodokumento ng Programang ito ang mga hakbang na ginawa at patuloy na isasagawa ng Sound Transit upang tiyaking ibinibigay ang mga serbisyo nito sa transportasyon nang walang diskriminasyon laban sa mga indibidwal batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan alinsunod sa Titulo VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964.

Ina-update ang Programa sa Titulo VI ng Sound Transit bawat tatlong taon.

**Kabilang sa mga pangunahing bahagi ng plano ang:**

- Kung paano sinusukat ng Sound Transit ang mga epekto sa mga populasyon ng minorya at may mababang kita tuwing gumagawa ng mga pagbabago sa serbisyo at pamasahe at pagsusuri ng mga pasilidad.
- Kung paano nakikipag-usap ang Sound Transit sa mga populasyon ng minorya at may mababang kita sa mga pagsisikap na makipag-ugnayan sa publiko.
- Kung paano gumagawa ng mga makatwirang hakbang ang Sound Transit upang tiyaking ang mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa wikang Ingles (limited-English proficient, LEP) ay may makabuluhang access sa impormasyon.

Tulong sa Wika: May handang impormasyon at tulong sa inyong wika na maaaring hilingin. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa 1-800-823-9230